# Kagawaran ng Edukasyon

# Araling Panlipunan 7

## Impluwensya ng mga Kaisipang Asyano
## Ikalawang Markahan – Ika-apat na Linggo




Alma A. Gonzales at Maria Teresa F. Pornete

***Manunulat***

Ma. Martha R. Ullero

***Tagasuri***

Carol C. Monroid

***Layout***

Felipa R. Dawa	Grace B. Columbino

Marlyn B. Latina

***Katibayan ng Kalidad***

**Schools Division Office – Muntinlupa City**

Student Center for Life Skills Bldg., Centennial Ave., Brgy. Tunasan, Muntinlupa City

(02) 8805-9935 / (02) 8805-9940



**INAASAHAN**

Sa paglipas ng panahon ay nagpatuloy ang pag-unlad sa araling ito, tatalakayin ang mga kaisipang Asyano na maging batayan o pundasyon ng pagbuo ng mga sinaunang kabihasnan at imperyo sa mundo.

*Natataya ang impluwensiya ng mga kaisipang Asyano sa kalagayang panlipunan at kultura sa Asya.(MELC- Week 4).

Inaasahan na:

1. Naipaliliwanag ang impluwensiya ng mga Kaisipang Asyano sa pagtatag ng sinaunang kabihasnan.
2. Nakapagbigay ng mga katangiang dapat taglayin ng mga pinuno ng bansa.
3. Naisa-isa ang mga Kaisipang Asyano na patuloy na gumagabay sa mga pinuno sa rehiyon.



**UNANG PAGSUBOK**

I. Panuto: Piliin ang tamang letra ng sagot.

1. Tinawag ng mga Tsino ang kanilang imperyo na Zhongguo. Nangangahulugan na?
   A. Unang Kaharian	C. Ikatlong Kaharian
   B. Gitnang Kaharian	D. Huling Kaharian
2. Ang mga Tsino ay nagbibigay pugay sa kanilang emperador sa pamamagitan ng pagyuko nang tatlong beses kung saan ang noo ay humahalik sa semento. Tinatawag na?
   A. Kowtaw	B. Kowtew	C. Kowtow	D. Kowtuw
3. Ito ay mga palatandaan na hindi na nasisiyahan ang kalangitan sa nakaupong emperador na Tsino maliban sa isa.
   A. Nagkakaroon ng digmaan.	C. Nagkakaroon ng trahedya.
   B. Nagkakaroon ng kalamidad.	D. Nagkakaroon ng maraming ani.
4. Ang mga bagay na ito ay kinikilalang banal na sagisag ng emperador hanggang sa ngayon, maliban sa?
   A. Alahas	B. Damit	C. Espada	D. Salamin
5. Ang mga Hapones ay taliwas sa paniniwala ng mga Tsino, kaya hindi pinapalitan o tinatanggal ang kanilang pinuno.
   A. Mandate of Heaven	C. Mandate of Season
   B. Mandate of Moon	D. Mandate of Sun
6. Siya ang kinikilala ng mga Hapones bilang unang emperador.
   A. Izanagi	B. Izanami	C. Ninigi-no-Mikoto	D. Jimmu Tenno
7. Ito ang ibinibigay o ipinagkakaloob ng isang barbaro na haharap sa emperador.
   A. Alahas	B. Espada	C. Tela	D. Tributo

8. Ang nagsilbing tirahan ni Hwanin sa kabundukan.
A. Mount Taal B. Mount Taebaek C. Mount Popa D. Mount Everest
9. Ang tawag sa sistema ng pamahalaan na naitatag ng mga pinunong Muslim simula kay Abu Bakr.
A. Caliph B. Caliphate C. Mandate of Heaven D. Men of Prowess
10. Siya ay nangangako sa pamumuno na makatwiran at mapagkalinga sa mamamayan at relihiyon.
A. Cakravartin B. Caliph C. Ninigi D. Jemmu Tenno

II. Panuto: Basahing mabuti ang mga pangungusap at isulat ang Tama o Mali.
11. Ang katagang Sino ay ginagamit upang tukuyin ang mga Tsino.
12. Ang Japan at Korea ay kapwa naniniwala sa banal na pinagmulan ng kanilang emperador at kaharian.
13. Ang paniniwala na ang kalikasan ay pinanahanan ng mga espiritu o diyosa na maaaring mabuti o masama ay tinatawag na animismo.
14. Ang kanyang pamumuno ng emperador ng Tsino ay walang Mandate of Heaven o walang pahintulot o basbas ng langit.
15. Nananatili ang emperador ng Japan bilang simbolo ng pagkakaisa ng mga Hapones.



**BALIK-TANAW**

Gawain: Word in a Box

Panuto: Ilagay sa tamang kahon ang mga salitang makikita sa ibabang bahagi.

| Cuneiform | Ziggurat | Oracle Bones |
| Mohenjo-Daro | Huang Ho | |




*https://preview.tinyurl.com/ y2zn2p46 on 09.05.20*



## PAGPAPAKILALA NG ARALIN

**KAISIPANG ASYANO**

Ayon sa mga Tsino ang kanilang imperyo ang sentro ng daigdig at ang namumuno ay anak ng langit (Son of Heaven) at may basbabs ng langit (Mandate of Heaven).

Para sa mga Hapones, ang kanilang emperador na nagsimula kay Amaterasu.

Banal ang pinagmulan ng emperador ng Korea mula kay prinsipe

Ang pundasyon ng pagkabuo ng mga sinaunang kabihasnan ay



Sa Pilipinas at ibang mga bansa sa timog silangang asya ang mga namumuno ay kinilala batay sa katapangan, kagalingan, at katalinuhan (Men of Prowess).

Sa india, ang mga hari ay kinilala bilang Devajara (Haring Diyos) at Cakravartin bilang hari ng daigdig.

Sa mga Muslim ang kanilang pinuno na tinawag na Caliph ay utos at basbas ni Allah.

*https://preview.tinyurl.com/y43foyhg on 09.05.20*

**Ang China bilang Gitnang Kaharian**

- Ang Kabihasnang Tsino ay isa sa pinakamatandang kabihasnan sa daigdig. Maiuugnay ito sa mga turo at kaisipan ng kilalang pilosopo na si ***Confucius***.
- Ang pagiging mayaman ng kabihasnang Tsino ay nagbunga ng mga dakilang kontribusyon sa daigdig sa larangan ng pilosopiya at imbensyon. Naging dahilan ito uppang maging mataas ang kanilang pagtingin sa sarili.
- Tinawag ng mga Tsino ang kanilang bansa na ***Zhongguo*** na nangangahulugang ***"Gitnang Kaharian"***. Pinaniniwalaan ng mga Tsino na ang China ang sentro ng daigdig. Pinaniniwalaan din nila na ang kanilang kultura at kabihasnan ang natatangi sa lahat.
- Dahil sa ganitong paniniwala, ang naging paningin ng mga Tsino sa mga Europeo at iba pang lahi ay mga barbaro. Ang ganitong tradisyonal na perspektiba ng mga Tsino ay tinaguriang ***Sinocentrism***.
- **Barbaro** - Katawagan ng mga Tsino sa mga hindi sibilisado. Nagbibigay sila ng ***tributo o regalo*** kapag sila ay haharap sa emperador.
- **Sibilisado**- tumanggap ng impluwensyang Tsino na yumakap ng Confucianism.
- **Kowtow** - Pagyuko sa harap ng emperador ng tatlong beses kung saan ang noo ay humahalik sa semento.
- Bahagi ng Sinocentrism, kinilala ng mga Tsino ang kanilang emperador bilang ***Anak ng Langit o Son of Heaven.*** Pinaniniwalaang pinili siya ng langit upang pamunuan ang buong kalupaan.

- Ang kanyang pamumuno ay may ***Mandate of Heaven*** o pahintulot o basbas ng langit. Ang emperador ay may malaking responsibilidad sa pagpapanatili ng kaayusan.
- Kapag hindi niya nagampanan ang kaniyang mga tungkulin at siya ay naging mapang-abuso at masama, ang kanyang pagiging emperador ay babawiin ng kalangitan at igagawad sa susunod na taong puspos ng kabutihan.
- Ang mga palatandaang tulad ng kalamidad, peste, tagtuyot, kaguluhan, trahedya at digmaan ay mga pangitaing hindi nalulugod ang kalangitan sa kasalukuyang emperador.
- Ang Mandate of Heaven ang nagpapaliwanag kung bakit may mga naganap na pagbabago o pagpapalit ng dinastiya sa China.
- Ang salitang ***"Zhongguo"*** ay mula sa dalawang Chinese character na ***Zhong***, na nangangahulugang ***"gitna"***, at ***guo*** na nangangahulugang ***"lupa"***, ***"kaharian"***, o ***"bansa"***
- Ang "heaven' o "langit" ay hindi nangangahulugang "diyos", kung hindi isang makapangyarihang batas ng kalikasan. Ito ay ayon sa ***Rites of Zhou***, isa sa sinaunang nananatiling dokumento tungkol sa politikang Tsino.

**Ang Pinagmulan ng Japan**

- Ang Japan ay may sariling kultura at paniniwala bagama't sinasabing humiram ito ng kultura mula sa China. Ayon sa ***Kojiki*** (Record of Ancient Matters, isinulat noong 712 C.E.), ang kapuluan ng Japan ay nabuo mula sa pagtatalik ng diyos na si ***Izanagi*** at diyosang ***Izanami***.
- Mula naman sa paghuhugas ng kaliwang mata ni Izanami, nagbuhat ang diyosa ng araw at kinikilalang Diyos ng Hapones na si ***Amaterasu Omikami***.
- Ipinadala ni Amaterasu ang kanyang apo na si ***Ninigi-no-Mikoto*** sa pulo ng Kyushu upang doon mamuhay. Binigyan niya ito ng tatlong kayamanan: alahas, salamin at espada, ang mga ito ay kinikilalang banal na sagisag ng emperador hanggang ngayon.
- Ayon sa tradisyon ang kaapo-apuhan naman ni Ninigi na si ***Jimmnu Tenno*** ang naging kauna-unahang emperador ng Japan noong 660 B.C.E. Simula noon, tanging sa lahi na lamang ni Amaterasu dapat magmula ang emperador ng Japan.
- Taliwas sa paniniwalang Tsino, hindi naniniwala ang mga Hapones sa Mandate of Heaven. Dahil dito, ang kanilang emperador ay hindi maaaring palitan o tanggalin sa katungkulan.
- Bagama't sa kasalukuyang panahon ay hindi na itinuturing na diyos ang kanilang emperador, ang mga Hapones ay may mataas pa rin na pagtingin sa kaniya. Lubos pa rin ang paggalang at pagmamahal nila rito.
- Nananatili ang emperador ng Japan bilang simbolo ng pagkakaisa ng mga Hapones hanggang sa kasakulukuyan.
- Ang pangalang ***"Japan"*** ay nagmula sa dalawang ***Kanji*** character na nangangahulugang "***Sun Origin"***. Ito ang dahilan kung bakit tinatawag na ***"Land of the the Rising Sun"*** ang Japan.

**Ang Pinagmulan ng Korea**

- Ang mga Korean ay naniniwala rin na banal ang pinagmulan ng kanilang emperador.
- Masasalamin ito sa alamat ni ***Tangun Wanggeom***, ang nagtatag ng unang kaharian ng Korea. Ayon sa kuwento, noong unang panahon, si ***Prinsipe Hwanung***, anak ng diyos ng kalangitan na si ***Hwanin*** ay nagnais na bumaba mula sa langit at manirahan sa daigdig ng mga tao.

- Nang malaman ang ninanais ng anak ay naghanap si Hwanin ng mataas na kabundukan at natagpuan ang ***Mount Taebaek*** na nagsilbing tirahan ng nasabing prinsipe. Nang makapanirahan na sa lupa ang prinsipe, itinatag niya ang lungsod ng Diyos.
- Tinuruan niya ang kanilang mga nasasakupan ng kaalaman sa agrikultura at iba't ibang gawain tulad ng paghahabi at pagkakarpintero. Bumuo rin siya ng mga batas upang maging gabay sa pagtukoy ng mabuti at masama at sa pagpataw ng kaparusahan sa mga lumabag sa batas.
- Siya ay sinasabing nakapangasawa ng isang oso na naging isang magandang babae. Sila ay nagkaanak at pinangalanan itong Tangun Wanggeom. Siya ang nagtatag ng ***Kaharian ng Gojoseon*** (Lumang Joson). Namuno siya rito sa loob ng 150 taon.
- Ang salitang ***"Korea"*** ay nangangahulugang ***"Land of the Morning Calm"***.

**Ang Alamat ni Tangun**
- Inilalarawan ang pinagmulang lahi ng mga Korean.
- Isang tigre at isang oso ang nanalangin kay Hwanung, anak ng diyos ng kalangitan, upang sila ay maging tao.
- Nang marinig ni Hwanung ang panalangin, iniutos niya sa dalawa na kumain ng 20 clove ng bawang at bugkos ng mugwort at umiwas sa sikat ng araw sa pamamagitanng pagtatago sa yungib sa loob ng100 araw.
- Hindi natagalan ng tigre ang nasabing sitwasyon kaya iniwan niya ang yungib. Samantala, ang oso ay nanatili hanggang sa ito ay maging isang magandang babae.
- Ang osong naging babae ang naging asawa ni Hwanung. Sila ay nagkaanak ng lalaki, si ***Tangun Wanggeom***. Kinilala siya bilang tagapagtatag ng ***Gojoseon***, ang unang kaharian ng Korea.
- Ginugunita ng mga Korean ang araw ng pagkakatatag ng unang kaharian tuwing ikatlong Oktubre. Ito ay tinatawag nilang National Foundation Day.

**Paniniwala sa Diyos-Diyosan at Espiritu**
- Kadalasan, ang nag tataasang bundok ang sinasabing tirahan ng mga diyos at espiritu.
- Sa Pilipinas, ang mga bundok ng Arayat, Banahaw at Makiling ang pinaniniwalaang tirahan ng mga anito at diwata.
- **Animismo** - Paniniwala na ang kalikasan ay pinanahanan ng mga espiritu o diyosa na maaaring mabuti o masama.
- Sa Myanmar, ang ***Mount Popa*** naman ay tirahan ng mga espiritu ng kalikasan na kung tawagin ay ***Nat***. Sa Thailand, ang mga espiritu na kung tawagin ay ***Phi*** ay sinasabi ring naninirahan sa mga bundok.
- **Ba Phnom sa Cambodia** - Pinaniniwalaan ng tinitirhan ng mga diwata.
- **Imperyong Sukhotai sa Thailand** - Phra Kapung, naninirahan malapit sa isang batis.
- Ayon sa kuwento, kadalasang nagmumula ang imperyo sa pakikipag-isang dibdib ng Diyos sa tao. Mula rito, ang maitatalagang hari ay dapat manguna sa pagsasagawa ng mga ritwal bilang pagsamba sa mga espiritu.
- Ang pagsasagawa ng mga pag-aalay at tamang ritwal para sa mga pinaniniwalaang espiritu at diyos ay sinasabing magbibigay sa kanilang kaharian. Ang mapipiling ***pinuno*** ay dapat nagtataglay ng hindi pangkaraniwang katangian tulad ng pagiging ***matapang, magaling at matalino***.
- **Men of Prowess** - ito ay isang pinuno na may kakaibang galing, matalino at matapang.

- Dapat siyang kakitaan ng ng kahusayan sa pamumuno ng kaniyang nasasakupan at kakayahang magsagawa ng ritwal para sa kinikilalang espiritu at diyos.

**Mito ng Pinagmulan at Sinaunang Kaisipan ng Timog- Silangang Asya**

- **Borobudor, Indonesia** - Mountain of accumulation of merits of the states.
- **Ao Co at Lac Long Quan, Vietnam** - nagpasimula ng mga hari sa Vietnam sa may lugar ng Red River.

**Ang Devaraja at Cakravatin sa India at sa Timog Silangang Asya**

- **Devaraja** - Deva "Diyos" Raja "Han"
- **Manu** - unang hari ng India batay sa alamat, nagsisimbolo ng buwan, apoy, hangin, tubig at iba pa.
- **Indra** - Diyos ng Digmaan at Panahon
- **Cakravartin** - Universal monarch, hari ng buong daigdig; nangangako sa sa pamumuno na makatwiran at mapagkalinga sa mamamayan at relihiyon.
- **Haring Asoka** - Isang hari na tinanggihan ang karahasan at yumakap sa Buddhism.
- **Angkor Wat, Cambodia** - "City of Temples"
- **Haring Jayavarman II** - sinasamba bilang Diyos ng mga Cambodian; halimbawa ng Devaraja.

**Ang Kaisipang Islamiko**

- Ang ***Islam*** ay itinatag ni ***Muhammad*** na siyang naging tagapaghatid ng mensahe ni ***Allah*** (kinikilalang diyos ng mga Muslim) sa sanlibutan. Itinuturing si Muhammad na pinunong panrelihiyon at politikal.
- Namatay si Muhammad nang walang naatasang kapalit kaya nagpasiya ang kaniyang mga tagapayong gawing pinuno ng mga Muslim si ***Abu Bakr***.
- Si Abu Bakr at ang mga sumunod sa kaniya bilang pinuno ay binigyan ng titulong ***caliph*** na nangangahulugang ***tagapagtaguyod ng pananampalataya***. Kaugnay ito ng kanilang pagiging kahalili o kinatawan ni Muhammad sa kalupaan.
- Ang Sistema ng pamahalaang itinatag ng mga pinunong ito ay tinawag na ***caliphate***. Ang caliph ay isa ring hukom at pinuno ng hukbong sandatahan.
- Sa ilalim ng mga pamumuno ng mga caliph, nanakop ang mga Muslim ng mga lupain sa ibang panig ng Asya, Africa, at timog na bahagi ng Spain. Ang pangunahing dahilan sa pananakop ng mga Muslim ay ang pagpapalaganap ng Islam.
- Nakasaad sa Quran ang mga katungkulan ng caliph. Ayon sa Quran, kapag makatuwiran ang caliph ay bibiyayaan ito ni Allah at dapat magpasalamat ang mga nasasakupan. Bagamat hindi diyos ang mga caliph ay may basbas din sila ni Allah.
- Dahil dito, nararapat na sila ay maglingkod nang mahusay at tapat. Ito ang dahilan kung bakit maraming kabihasnan at imperyo ang umunlad at umusbong.

*https://tinyurl.com/yxprbhz6*

*Grace Estela C Mateo Ph.D., et. al., Asya: Pag-Usbong ng Kabihasnan, Vibal Publishing House Quezon City, 2008, pp. 144-153*

**GAWAIN**

**Gawain: Pagbuo ng Puzzle**

Panuto: Tukuyin ang inilalarawan sa bawat bilang at isulat ang mga letra ng wastong sagot sa patlang.

1. Sa India, ang mga hari ay kinikilala bilang haring diyos.

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| D | E | | A | J | A | | A |

2. Pinuno ng mga Muslim na may utos at basbas ni Allah.

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| C | | L | | P | H |

3. Ang kanilang imperyo ang sentro ng daigdig at ang namumuno ay anak ng langit.

| | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| S | | N | | O | F | | H | | A | V | | N |

4. Kinikilala batay sa katapangan, kagalingan, at katalinuhan

| | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| M | | N | | O | F | | P | R | | W | | S | S |


5.Diyosa ng araw na nagbuhat sa paghuhugas ng kaliwang mata ni Izanami.

| | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| A | | M | | T | | R | A | S | U |

**PAG-ALAM SA NATUTUHAN**

**Gawain:** Magtala Tayo!

**Panuto:** Punan ang chart ng mga hinihinging impormasyon. Isulat sa **bilog** ang mga **paniniwalang taglay ng mga kaisipang Asyano**. At isulat sa kahon ang mga rehiyon o bansa kung saan nagmula ang kaisipang Asyano.





**TANDAAN**

Paano na naka impluwensya ang Kaisipang Asyano sa kanilang pamumuhay at kultura?
* Ang mga kaisipang Asyano ay nabuo sa iba't ibang impluwensya ng relihiyon at sa uri ng pamamalakad na kanilang pinuno na naging pundasyon sa pagbuo ng mga sinaunang kabihasnan.
*Ang Son of heaven ang namumuno sa mga imperyo ng mga Tsino at ito ay may basbas ng langit (Mandate of Heaven).
*Nagsimula ang kanilang emperador kay Amaterasu ayon sa mga hapones.
*Prinsipe Hwaning ang banal na pinagmulan ng emperador ng Korea.
*Kinikilala batay sa katapangan, kagalingan at katalinuhan (Men of Prowess) ang mga namumuno sa timog silangang asya.
*Devajara (Haring Diyos) ang tawag sa hari ng bansang India at Cakravartin bilang hari ng daigdig.
*Sa utos at basbas ni Allah ang kanilang pinuno ay tinatawag na caliph ayon sa mga Muslim.



**PANG-WAKAS NA PAGSUSULIT**

I. Panuto: Piliin ang tamang sagot na bubuo sa isang sanaysay. Pumili ng salita o ideya na nasa loob ng kahon .Isulat ang sagot sa mga patlang

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Cakravatin | Caliph | Matalino | Mandate of Heaven | Magaling |
| Amaterasu | Matapang | Devaraja | Prinsipe Hwaning | Son of Heaven |

Ayon sa mga Tsino ang kanilang imperyo ang sentro ng daigdig at ang namumuno ay 1. ___________ at may 2.___________. Para sa mga Hapones ang pinagmulan ng kanilang emperador na nagsimula kay 3.____________. Banal na emperador ng Korea kay 4. ____________. Sa Pilipinas at ibang mga bansa sa Timog Silangang Asya ang mga namumuno ay kinikilala batay sa 5. __________, 6.________, 7._________. Sa India ang hari ay kinilala bilang 8. __________ at 9.___________. Sa mga Muslim ang kanilang pinuno na tinawag na 10.____________ utos at basbas ni Allah.

II.Basahin at unawain ang mga sumusunod na katanungan at Isulat ang tamang sagot sa patlang.

_____________11. Siya ang kinikilalang Diyos ng mga Muslim.
_____________12. Siya ang unang hari ng India batay sa alamat at nagsisimbolo ng buwan, apoy, hangin, tubig at iba pa.
_____________13. Kinilala siya bilang tagapagtatag ng Gojoseon, ang unang kaharian ng Korea.
_____________14. ________________15. Pinaniniwalaan na sa kanila nagsimula ang pagbuo ng kapuluan ng Japan.

***Sanggunian***

A. Aklat
- Grace Estela C Mateo Ph.D., et. al., Asya: Pag-Usbong ng Kabihasnan, Vibal Publishing House Quezon City, 2008, pp. 144-153
- Rosemarie C. Blando, et al. Asya: Pagkakaisa sa Gitna ng Pagkakaiba,, Eduresources Publishing, Inc., DepEd Complex, Meralco Avenue Pasig City2014, pp.137-139, pp.142-144, pp.155-162

B. Modyul
- Project EASE (Effective Alternative Secondary Education) Araling Panlipunan II, Heograpiya Modyul I, Bureau of Secondary Education DepEd Complex, Meralco Avenue Pasig City

Website:
https://preview.tinyurl.com/y43foyhg on 09.05.20
*https://preview.tinyurl.com/y2zn2p46*
https://preview.tinyurl.com/y2hl57cg
https://preview.tinyurl.com/y5lr76a4
https://preview.tinyurl.com/yxuavjrr
https://preview.tinyurl.com/y2yuxwkr
https://preview.tinyurl.com/y59a4gv5
https://preview.tinyurl.com/y43foyhg

***Susi sa Pagwawasto:***
**Unang Pagsubok**: 1.B, 2.C, 3.D, 4.B, 5.A, 6.D,7.A,8.B,9.B,10.A,
11.TAMA,12.TAMA,13.TAMA,14.MALI,15.TAMA
**Pangwakas na Pagsusulit:** 1.SON OF HEAVEN, 2.MANDATE OF HEAVEN, 3.AMATERASU, 4.PRINCE HWANING, 5-7.MATAPANG, MATALINO, MAGALING, 8.DEVARAJA, 9.CAKRAVATIN, 10.CALIPH, 11.ALLAH, 12.MANU, 13.TANGUN WANGGEOM, 14-15.IZANAGI AT IZANAMI